

Naglalayon para sa isang lipunang namumuhay magkasama ang iba't ibang kultura

Plano sa pagtataguyod ng pamumuhay ng magkakasama ang
iba't ibang kultura at mapayapang pamumuhay ng Lungsod ng
Yokkaichi Bersyon ng Buod



Sa plano sa pagtataguyod ng pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura l at mapayapang pamumuhay ng Lungsod ng Yokkaichi, ang mga dayuhang mamamayan ay inaasahang gaganap ng mahalagang papel sa mga lokal na komunidad dahil sa pagbaba ng birthrate at pagtanda ng populasyon. Layunin naming maisakatuparan ang isang lipunan kung saan ang bawat mamamayan ay maaaring magpakita ng kanilang sariling katangian at kakayahan at mamuhay nang aktibo.


Lungsod ng Yokkaichi

Mga pagbabago sa bilang ng mga dayuhang mamamayan

Dumami ang bilang ng mga pangalawa at pangatlong henerasyong Hapones at kanilang mga pamilya ay nabigyan ng status ng paninirahan nang walang mga paghihihigpit sa mga aktibidad tulad ng trabaho, gayundin ang bilang ng mga dayuhang pumapasok sa trabaho mula sa mga bansa sa Timog Amerika gaya ng Brazil dahil sa rebisyon ng Immigration Control Act noong 1990


Malaki ang ibinawas ng mga dayuhang mamamayan kung ikukumpara sa pinakaruruk nito dahil sa mga epekto ng Lehman's Shock noong 2008 at ang Great East Japan Earthquakenoong 2011

Ang bilang ng mga dayuhang mamamayan ay muling dumami nitong mga nakaraang taon dahil sa kapansin-pansing pagtaas ng bilang ng mga dayuhang mamamayan mula sa Vietnam, pangunahin ang mga technical intern trainees, at Nepal, pangunahin mula sa mga dayuhang estudyante.



Distribusyon ng mga dayuhang mamamayan ayon sa Distrito (Proporsyon ng mga dayuhang mamamayan sa populasyon ayon sa Distrito)

Humigit-kumulang 1,600, o higit sa 15% ng mga dayuhang residente ng lungsod, ang nakatira sa distrito ng Sasagawa ng Yogou. Masasabi na gayunpaman, kung titingnan ang proporsyon ng mga dayuhang mamamayan sa populasyon ayon sa distrito, tumaas ito sa lahat ng distrito kumpara noong 2016, na nagpapahiwatig na ang mga tirahan ng mga dayuhang mamamayan ay nakakalat.



Plano sa pagtataguyod ng pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura at mapayapang pamumuhay ng Lungsod ng Yokkaichi

Mga Pangunahing Prinsipyo: Isakatuparan ang isang lipunan kung saan kinikilala at iginagalang ng lahat ng tao ang isa't isa at sinusuportahan ang isa't isa bilang mga mamamayan ng Yokkaichi sa pamamagitan ng pagsulit sa mga pagkakaiba sa nasyonalidad, etnisidad, at kultura.

I. Paglikha ng isang multi-kultural na Rehiyon

Isusulong namin ang paglikha ng isang kamalayan ng magkakasamang kultura at pag-unlad ng komunidad kung saan ang mga dayuhang mamamayan ay nakikilahok kasama ng mga mamamayang Hapon.

- (1) Paglikha ng kamalayan sa pamumuhay ng magkasama ang iba't ibang kultura
 - ☆ Paglikha ng kamalayan ng paggalang sa mga karapatang pantao sa mga mamamayan
 - ☆ Igalang ang pagkakaiba-iba ng kultura at itaguyod ang pag-unawa sa magkakasamang buhay
 - ☆ Layunin na lumikha ng mga relasyon kung saan makikita ng mga residente ang mukha ng isa't isa
- (2) Makilahok sa pagpapaunlad ng rehiyon nang magkasama
 - ☆ Tuklasin at bumuo ng mga yamang tao na nagtataguyod ng pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura
 - ☆ Isulong ang paglikha ng isang kapaligiran kung saan ang mga dayuhang mamamayan ay maaaring maging malaya at gumaganap ng aktibong papel bilang mga miyembro ng lokal na komunidad.
 - ☆ Paglikha ng isang sistema upang ipakita ang mga opinyon ng mga dayuhang mamamayan sa administrasyong munisipal
- (3) Paglikha ng bagong kaakit-akit sa rehiyon sa pamamagitan ng paggamit ng pagkakaiba-iba
 - ☆ Paglikha ng bagong kaakit-akit ng rehiyon sa pamamagitan ng pagsulit sa pagkakaiba-iba nito

II. Paglikha ng maayos na komunikasyon

Para sa mga dayuhang mamamayan, magbibigay kami ng impormasyon sa administratibo at iba pang mga serbisyong kinakailangan para sa pang-araw-araw na buhay, magbibigay ng pang-araw-araw na konsultasyon sa buhay, magsusulong ng pag-unawa sa lipunan at kultura ng Hapon, at susuportahan ang pag-aaral ng wikang Hapon.

- (1) Makakakuha ng impormasyon anumang oras at maaaring kumunsulta ng walang hirap.
 - (Impormasyon na ibinigay sa simpleng wikang Hapon at maraming wika pagpapahusay ng sistema ng komunikasyon)
 - ☆ Mapagkakatiwalaang magbigay ng impormasyon sa administratibo at iba pang mga serbisyong kailangan para sa pang-araw-araw na buhay
 - ☆ Mga serbisyo ng interpretasyon at pagsalin sa mga administratibong tanggapan at tanggapan ng konsultasyon
 - ☆ Pagbibigay ng serbisyong konsultasyon para sa mga dayuhang mamamayan
 - ☆ Gumamit ng mga teknolohiya tulad ng ICT at AI
- (2) Matuto tungkol sa bansang Japan, makinig/ agsulat/ agsalita ng wikang Hapon
 - (Pag-aaral ng Hapon at pagtataguyod ng pag-unawa sa lipunan at kultura ng Hapon)
 - ☆ Itaas ang kamalayan ng pag-aaral ng wikang Hapon sa mga dayuhang mamamayan at magbigay ng mga pagkakataon sa pag-aaral ng wikang Hapon
 - ☆ Pagsusulong ng pag-unawa sa lipunan at kultura ng Hapon sa mga dayuhang mamamayan
 - ☆ Upang palalimin ang pagkakaunawaan at pagpapalitan sa pagitan ng mga mamamayang Hapon at mga dayuhang mamamayan sa pamamagitan ng pag-aaral ng wikang Hapon, atbp.

III. Paglikha ng isang kapaligirang pang-pamumuhay na madaling tirahan ng magkakasama

Bilang karagdagan sa pagpapakalat ng mga sistema tulad ng pangangalaga sa bata, edukasyon, paggawa, pangangalagang medikal, pangkalusugan, seguridad, pensiyon, kapakanan, at pabahay, at pagbibigay ng maayos na mga serbisyong administratibo, atbp., kasama ang pagsusumikap naming itaas ang kamalayan sa pag-iwas sa sakuna.

- (1) Para sa kinabukasan ng mga bata (pagiging magulang/edukasyon)
 - ☆ Suporta para sa mga sanggol at maliliit na bata
 - ☆ Suporta para sa pagpasok sa paaralan, atbp.
 - ☆ Suporta para sa pag-aaral ng wikang Hapon at mga paksa sa paaralan at pag-unlad ng karera
 - ☆ Suporta para sa pag-aaral pagkatapos ng klase at paglikha ng isang lugar na matutuluyan
 - ☆ Pagsasaalang-alang para sa mga bata na may iba't ibang relihiyon at kultura
- (2) Upang magtrabaho nang may kapanatagan sa isipan (trabaho/paggawa)
 - ☆ Magbigay ng suporta para sa kapaligiran ng pinagtatrabahoan ng mga dayuhang mamamayan
 - ☆ Isulong ang pagtatrabaho ng mga internasyonal na estudyante sa mga lokal na komunidad
- (3) Upang mamuhay nang may kapanatagan sa isipan (pangangalagang medikal, pangkalusugan, seguridad, pensiyon, kapakanan, paninirahan, atbp.)
 - ☆ Pagbibigay ng impormasyon sa iba't ibang sistemang nauugnay sa pang-araw-araw na buhay sa simpleng salitang Hapon at maraming wika.
 - ☆ Ang naaangkop na tugon at mga pamamaraan ay isasagawa ayon sa nilalaman ng konsultasyon sa counter, atbp.
 - ☆ Gumamit ng mga teknolohiya tulad ng ICT at AI
- (4) Paghahanda sa mga hindi inaasahan (pag-iwas sa kalamidad, pag-iwas sa krimen, kaligtasan ng buhay, mga hakbang laban sa mga nakakahawang sakit, atbp.)
 - ☆ Bigyan ang mga dayuhang residente ng mga hakbang para sa pag-iwas sa sakuna, pag-iwas sa krimen, kaligtasan sa buhay, pagkontrol sa nakakahawang sakit, atbp.

IV. Paglikha ng isang sistema para sa pagtataguyod ng pakikisama

Upang maisulong ang pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura, pagbutihin natin ang sistema sa ating lungsod at isusulong ang komprehensibong pagsisikap, habang nakikipagtulungan sa mga kaugnay na organisasyon tulad ng Pagpupulong ng mga Lungsod na may malaking populasyon ng mga dayuhan at iba pang kaugnay na organisasyon upang paigtingin ang pambansang pamahalaan at iba pa para sa mga pagpapabuti. sa pambansang sistema.

- (1) Paglikha ng isang sistema para sa pagtataguyod ng pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura
 - ☆ Pagpapabuti ng sistema sa lungsod at pagsulong ng komprehensibong pagsisikap
 - ☆ Paghihiikayat sa pamahalaan na pahasayin ang sistema, atbp.
- (2) Paglikha ng batayan para sa pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura
 - ☆ Mga pagsisikap sa mga pagtanggap ng pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura.
 - ☆ Pagpapaunlad ng mga pasilidad ng base ng palitan ng iba't ibang kultura

Plano sa pagtataguyod ng pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura at mapayapang pamumuhay ng Lungsod ng Yokkaichi

Homepage ng Opisina ng lungsod ng Yokkaichi
<https://www.city.yokkaichi.lg.jp/www/contents/1490616597743/index.html>



Pagtatakda ng mga layunin ng aksyon

Sa pagtataguyod ng mga pagsisikap para sa pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura, nagtakda kami ng mga layunin sa pagkilos para sa mga pangunahing haligi I hanggang III.

I. Paglikha ng isang multi-kultural na Rehiyon

Aytem	Karaniwang halaga	Target na halaga
Porsiyento ng mga respondent na sumagot na "alam na alam nila" o "may kaunting alam" tungkol sa salita at konsepto ng "pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura" sa mga survey ng mamamayan (para sa mga mamamayang Hapon)	28.7%	50.0%
	Taong 2020 Survey ng pampublikong kamalayan	Taong 2025 Survey ng pampublikong kamalayan
Porsiyento ng mga taong nakikilahok sa mga kaganapan sa komunidad tulad ng mga pagdiriwang, mga aktibidad sa paglilinis, at mga pagsasanay sa pag-iwas sa kalamidad (mga sumagot ng "lumahok" o "paminsan-minsang lumalahok") sa mga talatanungan ng mamamayan (para sa mga dayuhang mamamayan)	50.4%	60.0%
	Taong 2020 Survey ng pampublikong kamalayan	Taong 2025 Survey ng pampublikong kamalayan

II. Paglikha ng maayos na komunikasyon

Aytem	Karaniwang halaga	Target na halaga
Porsiyento ng mga istablisementong pang-negosyo na nagbibigay ng suporta para sa mga dayuhang empleyado na nag-aaral ng wikang Hapon.	32.3%	40.0%
	2020 Mie Prefecture Survey sa edukasyon sa wikang Hapon	Survey para sa taong 2025 <Hindi natukoy ang paraan ng survey>

III. Paglikha ng isang kapaligirang pang-pamumuhay na madaling tirahan ng magkakasama

Aytem	Karaniwang halaga	Target na halaga
Porsiyento ng mga respondent na gustong magpatuloy na manirahan sa lungsod ng Yokkaichi sa hinaharap sa survey ng mamamayan (para sa mga dayuhang residente).	76.4%	80.0%
	Taong 2020 Survey ng pampublikong kamalayan	Taong 2025 Survey ng pampublikong kamalayan

Upang maisakatuparan ang pamumuhay na magkakasama ang iba't ibang kultura

Ang mga mamamayan ay gumaganap ng isang pangunahing papel sa pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura. Ang mga mamamayang naninirahan sa komunidad ay maaaring makipag-usap sa isa't isa at magkaintindihan, na siyang unang hakbang tungo sa pagsasakatuparan ng isang multikultural na lipunan.

Sa kabilang banda, ang lungsod (administrasyon) ay magsasagawa ng iba't ibang mga proyekto at suporta para sa pagsasakatuparan ng isang lipunan na namumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura batay sa pangunahing pilosopiya at apat na pangunahing mga haligi (tingnan ang nakaraang pahina).

Higit pa rito, upang maisulong ang pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura, ang iba't ibang personalidad tulad ng mga asosasyon ng mga residente, iba't ibang boluntaryong grupo, NPO, at mga kumpanya kung saan nagtatrabaho ang mga dayuhang residente ay kailangang aktibong nakikipagtulungan sa gobyerno at mga kaugnay na organisasyon at magpalitan ng opinyon.

Pinagsasama-sama ng iba't ibang mga pinuno ang kanilang mga ideya at kaalaman, at nakikipagtulungan sa isa't isa, na humahantong sa paglikha ng isang lipunan na namumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura.



Para sa mga katanungan Lungsod ng Yokkaichi Seksyon ng buhay-sibiko Opisina ng pagtataguyod ng Pamumuhay ng magkakasama ang iba't ibang kultura

1-5 Suwa-cho, Lungsod ng Yokkaichi, 510-8601, Japan Tel: 059-354-8114 FAX: 059-354-8316
e-mail: kyouseisuishin@city.yokkaichi.mie.jp